## SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Bakit mahalagang yakapin natin ang karunungan ng Diyos sa halip ang sariling kaalaman at pamamaraan? Bakit maaari tayong magtiwala sa pamamaraan ng Diyos?
- Ano ang mga nagbago sa iyo simula ng magbuno kayo ng Diyos?
- Gaano kadalas dumanas ng pagbabago ang iyong pagbubuno sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang mapadalas ang paglalantad mo sa Diyos sa Kanyang presensiya?

## NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Ano sa palagay mo ang mga naiisip mo na hindi pa nakahanay sa pamamaraan ng Diyos? Gaano mo hinahangad na yakapin ang talino ng Diyos at ipaubaya ang iyong sariling kaalaman?
- Saan mo maaaring makaenkwentro ang Diyos sa pang araw-araw? Ano ang mga dapat mong gampanan sa pang araw-araw?
- Papaano mo tutulungan ang iyong kapwa upang maengkwentro ang Diyos? Papaano ka mag-aanyaya sa maliit na pagtitipon o sa pananambahan?

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng masidhing pagkakilala sa Kanyang kalooban sa iyong buhay.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ang mga ilang bahagi ng iyong buhay na kailangan ng pagbabago. Ipanalangin na ang biyaya ng Diyos ay ang maging katugunan.
- Manalangin para sa iba na kakilala mo na dumadanas ng ganitong pagbubuno sa kanilang pamumuhay sa Diyos.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

# INTRUSION

## Pagtatawid sa Ilog

Week 1

## NOTES

## CONNECT

- Ibahagi ang pagkakataon na ikaw ay nahirapan na gumawa ng pagpapasya. Paano mo nalamapasan ang mga ito?
- May mga kahilingan ka ba na ikaw ay nakipagbaratan sa Diyos sa natatanging panahon ng iyong buhay?
- Anong mga aral ang natutunan mo sa mga naging katayuan mo sa buhay?

**WORD**

**[24]Nang nag-iisa na siya, may dumating na isang lalaki at nakipagbuno sa kanya. Nagbunuan sila hanggang umaga. [25]Nang matantya ng tao na hindi niya matatalo si Jacob, pinisil niya ang balakang ni Jacob at umusli ang magkatapat na buto nito.**

**Genesis 32:24,25**

**WHAT** ***What does the Bible say?***

Si Jacob ay may natatanging karanasan sa pakikipagbuno sa anghel ng Diyos. Ang anghel na ito ay nagpapahiwatig na si Jesus kahit bago pa Siya ipanganak bilang tao dito sa lupa. Ang katangian na ito ay nagsasalarawan at nagtataglay ng makikita sa anghel ng Diyos. Pagkatapos ng pakikipagbuno sa anghel, si Jacob ay nagbago. Anong aral ang maaari nating matutunan sa karanasan ni Jacob?

- **Ang pagbubuno sa Diyos ay nagbabago ng ating pananaw.**
  *At sinabi ng tao, "Bitiwan mo na ako dahil mag-uumaga na." Pero sumagot si Jacob, "Hindi kita bibitawan kung hindi mo ako babasbasan."*

  Genesis 32:26

  Kapag ang isang bagay ay inumpog sa mas malakas pa sa kanya, alin ang nababago? Ito ang nangyari kay Jacob. Nang maunawaan ni Jacob na siya ay nakikipagbuno sa Diyos, binago niya ang kanyang kinalalagyan, siya ay lumayo mula sa pakikipaglaban sa lalaki at kumapit siya sa kanya sa halip. Bakit nararapat lamang nating isuko ang ating pananaw sa talino at pamamaraan ng Diyos (Isaias 55:9)?

  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________

- **Ang pagbubuno sa Diyos ay nagbabago ng ating pagkakakilanlan.**
  *Sanabi ng tao, "Simula ngayon hindi na Jacob ang pangalan mo kundi Israel na dahil nakipagtagisan ka sa Diyos at sa tao, at ikaw ay nanaig."*

  Genesis 32:28

  Pagkatapos ni Jacob makipagbuno sa Diyos at yumakap siya upang hingin ang pagpapala, binago ng Diyos ang pagkakakilanlan ni Jacob sa pamamagitan ng pagpapalit ng kanyang pangalan na gawing Isarel, ang pangalan na napili ng Diyos na kanilang itataguyod. Kapuna-puna na ang Diyos ang nagbabago. Sino pa nga ba, Siya ring nakakaalam ng ating tunay na pagkakakilanlan! Ano ang maari nating gawin upang sumunod sa yapak ni Jacob sa kanyang pagtugon sa Diyos upang tayo ay makipagkasundo sa Kanyang hangad na mga layunin para sa atin?

  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________

- **Sa ating pagbubuno sa Diyos, lalo tayong nagiging katulad Niya.**
  *[29]Nagtanong din si Jacob sa kanya, "Sabihin mo rin sa akin ang pangalan mo." Pero sumagot ang tao, "Huwag mo nang itanong ang pangalan ko." Pagkatapos, binasbasan niya si Jacob doon.*
  *[30]Pinangalanan ni Jacob ang lugar na iyon na Peniel, dahil sinabi niya, "Nakita ko ang mukha ng Diyos pero buhay pa rin ako."[31]Sumisikat na ang araw nang umalis si Jacob sa Peniel. Pipilay-pilay siya dahil umusli ang buto niya sa balakang.*

  Genesis 32:29-31

  Ang pangalang "Jacob" na ang ibig sabihin ay "manlilinlang" na kung saan pinalitan ng Diyos na Israel, na siya ring ipinangalan ng Diyos sa Kanyang hinirang na bayan. Pagkatapos hinipo ng Diyos ang balakang ni Jacob, nagbago ang kanyang lakad hindi lamang sa kanyang pangangatawan maging ang kanyang pang-espiritwal na pamumuhay. Ang pagtutuos sa Diyos ang kinakailangan natin upang tayo ay magbago sa ating pag-uugali at maging katulad Niya. Kailan yung huli n'yong pagbubuno ng Diyos? May epekto ba ito sa iyong buhay?

  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________